

Buod ng Patakaran sa Pagkapribado

(Privacy Policy Summary)

Ang patakaran sa pagkapribado ay sumusunod sa Batas ng Pagkapribado (Privacy Act) at ang Mga Prinsipyo ng Pagkapribado sa Australya.

Ang CCC Financial Solutions Group (dito tinukoy bilang CCC) ay nangungulekta ng mga personal na impormasyon sang-ayon sa batas at sa mga pamaraang makatarungan, at sa paraang hindi mapanghimasok.

Kung saan nararapat, ang CCC ay ilalantad ang dahilan ng pangungulekta ng personal na impormasyon.

Ang ilang impormasyon ay makukulekta dahil kailangan o pinahihintulutan ng batas katulad sa batas ng kumpanya o batas sa pagbubuwis o sa ilalim ng Commonwealth Anti-Money Laundering Law.

Ang CCC ay hindi gagamit sa personal na impormasyon para sa layuning labas sa pangunahing layunin sa pangongolekta – maliban kung may naunang pahintulot na nanggaling sa kostumer.

Ang personal na impormasyon na kinolekta ay hindi maihahayag sa ibang mga kostumer o sa ikatlong partido, maliban kung may nakuha na paunang pagpapayag.

Kabilang sa mga uri ng impormasyon na kinukulekta ng CCC at hinahawakan nito ay ang mga detalye ng pagkakilanlan – katulad ng pangalan ng kostumer, lugar ng tirahan, email address, numero ng telepono at petsa ng kapanganakan at iba pang mga detalye ng matatawagan katulad ang mga social media handles, detalyeng pangpinansyal – pati na ang mga tax file numbers o mga detalye ng pagbabangko – at iba pang impormasyon na sa akala namin ay makatwirang kailangan sa pagtupad ng aming trabaho.

Ang CCC ay maaaring humingi ng sensitibong impormasyon kaugnay sa kalusugan ng kostumer o mga katayuang personal upang makatulong sa pagtatasa sa mga paghingi ng mga tulong sa kahirapan.

Ang CCC ay maaaring magkolekta ng personal na impormasyon mula sa mga ibang mapagkukunan kabilang ang impormasyon na makukuha sa publiko o ibibigay ng ikatlong partido. Kasama rito ang mga nagpapautang (credit reporting bodies). Ang personal na impormasyon ay maaari ding ibibigay ng CCC sa mga nagpapautang upang ma-update o mailista ang mga problema sa pagpapautang (credit default).

Sa lahat ng mga pagtawag sa telepono, kinakailangan namin tiyakin ang pagkakilanlan ng kostumer sa pamamagitan ng mag tatlong punto ng pagkilala. Kadalasan ito ay ang pangalan ng kostumer, tirahan at petsa ng kapanganakan.

Kung hindi maibigay ang personal na impormasyon para sa pagkakilanlan, maaari kaming hindi makakatulong para sa kapakanan ng mga kostumer, matiyak ang kanilang pagkakilanlan o maproteksyonan laban sa panloloko.

Ang mga kostumer ng CCC ay makakakuha ng kanilang personal na impormasyon kung hinihingi nila at makakapagbigay ng makatarungang pagkakataon na itama ang anumang hindi wasto o out-of-date na impormasyon.

Ang impormasyon ay maiimbak sa papel at elektroniko. Ang seguridad ng personal na impormasyon ng aming mga kostumer ay mahalaga sa CCC. Gagawa kami ng mga makatwirang hakbang upang maprotektahan ito mula sa mga hindi tamang paggamit, pagkagambala, pagkawala, hindi pinahintulatang paggamit, pag-iba o hindi pinahintulatang pagpapahayag.

Kung hindi na kailangan ang impormasyon, ang CCC ay gagawa ng mga kaukulang hakbang upang sirain o hindi makilala ang personal na impormasyon.

Kung kayo ay hindi masaya sa aming patakaran ng pagkapribado o kung paano naming pinamahalaan ang inyong personal na impormasyon, maaari ninyong kausapin ang aming Complaints Team. Kung hindi kayo masaya sa aming pagtugon, maaaring tumawag sa Australian Financial Complaints Authority sa 1800 931 678 o sa Office of the Australian Information Commissioner sa 1300 363 992.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa aming Patakaran ng Pagkapribado sa wikang Ingles, mangyaring bumisita sa www.cccfinancial.com.au